BRAMPTON

Media Release

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# City of Brampton solidifying its position as Cricket Capital of North America

***Pamumuhunan sa turismo sa isport at pagpapaganda sa lokal na mga amenidad ng cricket***

BRAMPTON, ON (Hunyo 15, 2023) – Sa pagpupulong nito kahapon, inaprubahan ng City Council ang karagdagang pagpapaganda sa imprastraktura ng cricket sa Brampton nasumusuporta sa patuloy na paglago ng lokal na isport at sa bisyon ng Lu8ngsod na pagiging “Cricket Capital of North America”.

Bagong aprubadong mga pagpapaganda para sa mga pasilidad ng cricket sa buong Brampton, kabilang ang:

- Kwality Sweets Cricket Pitch sa Andrew McCandless Park – Dalawang idinagdag na mga istruktura ng shade na may access sa kuryente at instalasyon ng apat na lane na cricket batting cage;
- Save Max Sports Centre – Instalasyon ng apat na lane ng cricket batting cage;
- Batsman Park Options – Konsiderasyon ng dalawa hanggang apat na shade shelter sails o istruktura ng shade na idadagdag, sa pakikipagkonsulta sa komunidad at para sa konsiderasyon ng 2024 badyet;
- Teramoto & Emancipation Parks Options – Konsiderasyon ng dalawa hanggang apat na shade shelter sails o istruktura ng shade na idadagdag sa bawat parke, sa pakikipagkonsulta sa komunidad at para sa konsiderasyon ng 2024 badyet ;

Dagdag sa mga pamumuhunang ito, idedebelop ng Lungsod ang isang lane allocation management system para sa cricket batting cages, at magpapatuloy sa pagpapalahok sa mga lokal na organisasyon ng cricket bilang bahagu ng nagpapatuloy na update sa Parks at Recreation Master Plan. Makakatulong ito sa pagtiyak ng angkop na suporta para sa paglago ng cricket sa buong Brampton.

Ang cricket ay isa sa mabiblis na lumalaking isport sa Canada at ang Lungsod ng Brampton ay nag-aalok sa mga residente ng dinamikong amenidad sa cricket na gagamitin. Nabedelop ang mga manlalaro ng cricket sa Brampton sa loob ng nakalipas na mga dekada sa lokal na non-profit na mga liga, tulad ng Brampton Cricket League (BCL) at Brampton Etobicoke District Cricket League (BEDCL), na nagtatag ng groundswell ng suporta at interes para sa isport. Ang mga amenidad ng Lungsod ay nag-hsot ng 42  unique seasonal na mga organisasyon, mga torneyo at mga indibidwal na nag-book ng higit sa 14,000 oras ng panahon sa field.

Sa loob ng nakalipas na tatlong taon, ang Brampton ay namuhunan sa higit sa $2,000,000 sa higit sa 20 pagpapaganda sa mga amenidad sa cricket at patuloy na inuuna ang pangangailangan ng komunidad sa $7,000,000 na inilaan para sa mga proyekto sa hinaharap. Kabilang sa karagdagang pagpapaunlad ang ganap na inilawang cricket field sa Turner Fenton Secondary School, Creditview Sandalwood Park, at tatlong bagong field sa Gore Meadows East Community Park.

**2023 Global T20 Canada Tournament**

Ang Global T20 (GT20) ay isang taunang cricket tournament na nagtatampok ng nangungunang North American cricket players at ilan sa pinakamalalaking pangalan sa cricket sa buong mundo.

Ang Lungsod ay isang proud na isponsor ng 2023 GT20 Cricket Tournament, na magaganap sa Hulyo 20 hanggang Agosto 6 sa Brampton Sports Park, CAA Centre Sports at Entertainment Complex, 7575 Kennedy Rd S. Dating nag-host ang Lungsod sa ikalawang season ng tournament noong 2019, naghikayat sa pambansa at pandaigdigang mga manonood.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa GT20 tournament, pakibisita sa www.gt20.ca.

Habang patuloy na lumalaki ang hinihingi, committed ang Lungsod sa paglikha ng mas maraming oportunidad at pagpapaganda sa mga field nito, kabilang ang potensyal na buong taon na pag-aangkop sa taglamig sa mga amenidad, para makalikha ng espasyo para maglaro at mag-enjoy ang lahat.

Alamin ang iba pa sa www.brampton.ca/cricket.

**Mga Quote**

"Ang cricket ay lumitaw na isa sa pinakamabibilis na lumalaki ay pinaka-pinanonood na isport sa North America, at sa Brampton, umuunlad ito! Labis na ikinagagalak naton na tanggaping muli ang Global T20 Canada Tournament sa Brampton sa taon na ito upang muling aakit ng pandaigdigang pansin habang pinapasigla ang ating sariling mga samahan ng cricket sa lokal na komunidad at ang mga tagahanga. Kinikilala natin ang kahalagahan ng pamumuhunan sa access at mga pagpapaganda, lalo na sa kaunlaran ng ating kabataan, at patuloy nating makikita ang balik habang patuloy na pinagsama, lumago at umunlad ang isport sa ating komunidad."
- Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton

"Ang Lungsod ng Brampton ay isang lumalaking hub para sa mga user, partnership, pasilidad at event ng Cricket at ipinagmamalaki natin ang pangalan na nagagawa ng ating lokal na komunidad sa buong mundo. Ang patuloy na pamumuhunan sapagpapaganda ng ating lokal na imprastraktura sa cricket ay magtitiyak na natutugunan natin ang kasalukuyang mga pangangailangan ng komunidad, habang sinusuportahan ang talento sa hinaharap na magkaroon ng axxes sa mga amenidad na kailangan nila para umunlad sa loob ng isport."
- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng halos 700,000 tao at higit sa 90,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**KONTAK NG MEDIA**

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca